CITY OF DALY CITY
Department of Public Works

# ABISO NG PAGPAPATIBAY NG KARSADA

Magkakaroon po ng pag-aayos o pag-papatibay ng mga napiling kalye/kalsada sa inyong communidad sa **Enero hanggang Hunyo 2025**. Malapit ng simulan ng contratista, VSS International, Inc., ang "*slurry seal*" na magpapatibay ng kalye sa inyong lugar.

Ang "***Slurry Seal***" ay paghahanay ng manipis na aspalto sa ibabaw ng kalsada. Sa likod ng pahinang ito ay ang "*map*" ng kalye na napiling ayusin. Ang detalye ng gagawing pag-aayos ay matatagpuan sa Daly City's website **www.dalycity.org** simula sa March. Ano mang katanungan, tawagan lang po si Erick Reyes sa (650) 991-8065.

Magkakaroon ng pansamantalang abiso "*NO PARKING*" 48 oras bago simulan ang paggawa. **Alisin o huwag magparada ng inyong sasakyan sa ipinagbabawal na araw at lugar simula 7:00 ng umaga. Kayo ang gagastos kung mahila ang inyong sasakyan dahil sa hindi pagsunod sa abiso.** Sa araw ng paggawa ng kalsada ay walang "*street sweeping*" sa kalapit na daan para magkaroon ng paparadahan ang mga sasakyan na naapektuhan ng paggawa ng kalsada. Ang paglakad o pagdaan ng sasakyan sa ipinagbabawal na lugar, ay makasisira ng sapatos, kalsada, at gulong ng sasakyan.

## DETALYE NG GAGAWING PAGPAPATIBAY:

1. ***BASE REPAIRS*** – Magkakaroon ng paghukay at pagsasa-ayos ng maliliit na nasirang lugar ng kalsada. Pangkaraniwan ay puwedeng dumaan sa kalsada.

2. ***CRACK SEALING*** – Maglilinis at magpapasta ng bitak ng kalsada. Puwedeng dumaan sa kalsada.

3. ***SLURRY SEAL*** – Ang Contractor ay maglalagay ng abiso sa pinto ng bawat bakay na apectado ng pag-papatibay ng kalsada 48 oras bago simulan ang "*slurry seal*". Para maging maayos ang paghahanay ng "*slurry seal", s*arado ang kalsada sa trapiko mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Hindi puwedeng dumaan ang sasakyan, kahit na ang pag-alis o pagbalik sa inyong "*driveway*". **Alisin o huwag magparada ng inyong sasakyan sa ipinagbabawal na araw at lugar simula 7:00 ng umaga**.

Kung kayo ay may katanugan o kahilingan ay makipag-unawaan o tumawag agad kay Erick Reyes, Project Manager, (650) 991-8065.

**SALAMAT PO SA INYONG PAKIKIISA SA KABUTIHAN NG ATING COMMUNIDAD!**

City of Daly City
Department of Public Works
333 90th Street
Daly City, CA 94015
Phone: 650-991-8064
Fax: 650-991-8243
www.dalycity.org

# CITY OF DALY CITY

**SAN MATEO COUNTY, CALIFORNIA**

## PROJECT LOCATION MAP

# SKYLINE SLURRY SEAL

# &

# WESTMOOR AVENUE AND WESTRIDGE AVENUE INTERSECTIONS QUICK BUILD




